

Para matulungan ang inyong anak laban sa panunukso



Ibabahagi namin ang mga opinyon at payo galing sa babasahin at dyaryo.

PART 2

Tingnan mabuti ang araw-araw na aktibidad ng iyong anak sa pananaw na “ ang panunukso ay isang krimen.”

Payo 1⇒ Maaaring tingnan ang panunukso mula sa pananaw ng nanunukso. Ang bata ay maaaring may dinadalang problema. Makabubuting hikayatin siyang magtiwala at magsabi ng kanyang alalahanin sa halip na daanin niya sa panunukso sa ibang bata.

Payo 2⇒ Nagkakamali sya kung inaakala nya na mas mabuting huwag ipaalam para huwag mag-alala ang kanyang mga magulang sa panunukso ng ibang bata . Dapat maintindihan niya na mas gusto ng magulang kung siya ay magsasabi ng kanyang nararamdaman tungkol sa panunukso ng ibang bata at para malaman kung ano dapat gawin.

Payo 3⇒ Hindi solusyon ang paghihiganti gamit ang dahas sa panunukso. Ang batang may kumpiyansa sa sarili ay hindi manunukso ng kapwa bata. Mahalagang dapat ay marunong din tumingin at humanga sa mabuting katangian ng iba.

Payo 4⇒ Ang mga tinutuksong tao ay nagnanais ng magandang relasyon sa kapwa, kaya't madali silang mahikayat at mapaayon ng iba. Paano na pag sila ay nasa malayo at naninirahan mag-isa? Malaking tulong ang mga usapin ukol sa kalayaan at katatagan. Maraming kuwento ng matatagumpay na taong napagdaanan ang hirap, kalungkutan at mga problema na nag-udyok upang magpursige at magsikap.

Payo 5⇒ Isa sa mga solusyon ay umalis siya sa paaralan kung saan siya ay palaging tinutukso. Maaari siyang mag-aral sa labas ng paaralan. Magandang ibahagi ang ganitong karanasan sa internet. Kinakailangang magkaroon ng labasan ang mga negatibong nararamdaman gaya ng kakulangan, kalungkutan at kamalian bunga ng panunukso.

Payo 6⇒ Ipadama sa kanya na ang mga magulang ang unang-unang magtatanggol sa kanya laban sa panunukso. Mahalagang mayroon siyang sariling adhikain at pangarap para lumago ng hindi inaalintana ang sasabihin ng ibang tao.

Payo 7⇒ Mahirap magsalita sa isang bata ng panunukso, mas epektibong gawin ito sa buong klase. Maaring magbigay ng mga pahiwatig para matugunan ang ganitong problema.

Payo 8⇒ Sakaling ang iyong anak ay nakakaranas ng sobrang panunukso sa eskuwelahan, maaari siyang ilipat sa ibang paaralan na masayang tatanggap at kakandili sa kanya. Isang responsibilidad bilang magulang ang pagbibigay ng tahimik at maayos na kapaligiran.

Payo 9⇒ Bilang magulang, alamin ang ugat ng panunukso sa iyong anak. Magtakda ng panahon para pag-usapan ang problema at matugunan ito, kasama ng iba pang mga magulang..



Payo 10⇒ Ang eskuwelahan ay hindi lugar para may mga batang masasawi. Sama-sama tayong mag-aral hanggang matapos sa junior high school. Isang solusyon ay magkaroon ng maganda at kaaya-ayang kapaligiran. Turuan sila na maraming magagandang oportunidad na naghihintay sa bawat isa sa pagpasok sa senior high school at masayang karanasan sa eskuwela.

Maaari nang kumuha ng pasaporte sa Fujimino city mula Oct. 1, 2012



Proseso sa pag-aply at pagkuha ng pasaporte ay maari na sa tanggapan ng Fujimino city mula Oct.1. Dati ito ay maaari lamang sa passport centers sa Saitama Prefecture (sa Kawagoe, Omiya, Kumagaya at Kasukabe), ngayon ito ay makukuha na sa 2nd floor ng Fujimino service center. Madali ito para sa mga uuwi sa kanilang bansa o pupunta sa ibang bansa. Ang mga may Japanese citizenship at may resident registration lamang sa Fujimino city ang maaaring mag-aply.

Aplikasyon sa pampubliko at municipal nurseries para taong 2013 mag-uumpisa na.

Ikumpirma ang aplikasyon at petsa sa child care department ng bawat lungsod at bayan. Ipasa na kaagad ang aplikasyon at dalahin ang mother and child health notebook at iba pang mga kailangang dokumento. Isama ang inyong anak sa pag apply sa malapit na city office (hoiikuka section)

Halina at sumali sa “Int’l Cultural Exchange Forum 2012”.

Gaganapin ito sa Nov. 11 (Sun) tanda ng pakiki-isa sa mga dayuhang residente. **Saan:** Fujimino Exchange center gaya ng dati, 10 minuto lakad mula sa Fujimino station east exit. **Oras:** mula 12:00 ~ 16:00. Ito ay libre, may childcare service na ibibigay. Tanghalan at mga palabas: World ethnic cosmetics, flower arrangement, Japanese traditional drum, Tai Chi, playing flags card, Tea time, Thai-style massage, seal engraving at iba pa. May talumpati din ng mga dayuhang residente tungkol sa kanilang karanasan at opinion sa Japan at iba pang kuru-kuro. Maaari din manalo ng bagong mascot character seal na “Fuwappy” tatak na gawa ng Fujimino city. Isama ang buong pamilya at mag-enjoy!



Bayad sa medical care ng mga bata at sanggol binago mula Oct. 1

- Pagbabago sa bayad ng medical benefit ng mga bata (mula grade 1 ~ 3rd yr junior h.s.). Kung tutuusin, hindi kailangang magbayad ng medical fee sa mga ospital ng Fujimi city, Fujimino city at Miyoshi Town kapag dala ang health insurance card at eligibility certificate
- Pagbabago ng medical benefits para sa mga sanggol (bagong ipinanganak hanggang bago pumasok ng elem.). Ang benepisyong ito ay isinama sa benepisyong medical ng mga bata simula Oct. 1. Ang eligibility certificate hanggang Setyembre ay hindi na magagamit
- Pagbabago sa sertipiko ng benepisyo (Mga sanggol hanggang 3rd yr junior h.s.). Siguraduhin na ang bagong sertipiko ng benepisyo para sa mga sanggol (kulay dilaw) at sa mga bata (kulay rosa) ang gagamitin. Sa mga hindi pa nakakatanggap o nakalista, mag-aply na para magkaroon ng eligibility benefits..

Emergency card, meron na



May sapat na preparasyon ka laban sa kalamidad? “Emergency Card para sa mga dayuhang residente” ay ginawa ayon sa mga payo ng mga dayuhang residente. Gamitin ang card sa mga tindahan, eskuwelahan o sa mga kaibigan. Ang card ay maaaring makuha sa FICEC (049-256-4290.)

www.ficec.jp/living/

● Sa karagdagang impormasyon “Fujimino International Cultural Exchange Center” 049-256-4290